



Gawaing Pampagkatuto sa Araling-Panlipunan

Kuwartar 1

Linggo

4

Gawaing Pampagkatuto sa Araling-Panlipunan 7

Kuwarter 1: Linggo 4

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng DepEd National Capital Region sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Sara Z. Duterte

Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

Development Team

Writer:	Aileen s. Alforque
Content Reviewer:	Ricardo P. Makabenta, Wilbert G. Balboa
External Content Validator:	Dr. Ma. Victoria Culminas-Colis, Ruben Jeffrey Asuncion
External Language Validator:	
Illustrator:	Romdel F. Partoza, Raphael A. Lopez
Layout Artist:	Allan E. Medenilla, Albert James Macaraeg

Management Team

JOCELYN DR ANDAYA, *CESO IV*, Director IV
CRISTITO A. ECO, *CESO III*, Assistant Regional Director
MICAH G. PACHECO, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
DENNIS M. MENDOZA, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head
ANDREW E. TAN, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor
LUCKY S. CARPIO, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)

Office Address: 6 Misamis St, Bago Bantay, Quezon City
Metro Manila, Philippines, 1105

Telefax: (02) 85229412

Email Address: ncr@deped.gov.ph

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO 1

Asignatura	Araling Panlipunan	Markahan	Una
Linggo	4	Araw	1
Pamagat/Paksa ng Aralin	Paglaganap ng Tao sa Timog Silangang Asya (Austronesyano)		
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Pamagat/Paksa ng Aralin: Paglaganap ng Tao sa Timog Silangang Asya (Austronesyano)

Pamantayan sa Pagkatuto: Nasusuri ang kalinangang Austronesyano at Imperyong Maritima kaugnay sa pagbuo ng kalinangan ng Pilipinas at Timog-Silangang Asya

Layunin:

1. Nailalarawan ang mga Austronesyano.
2. Natutukoy sa mapa ang lokasyon ng mga Austronesyano.
3. Nabibigyang halaga ang mga Austronesyano.


Kagamitang Kailangan: Larawan, slide decks at mga aklat

Laang-paragon para sa gawain: 1 araw

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang panuto sa bawat gawain. *(Kung may bahagi ng panuto na hindi malinaw, maaaring sumangguni sa iyong guro, kasama sa tahanan o kaklase para sa karagdagang paglilinaw. Sa mga gawaing pangkatan, mahalaga ang kooperasyon at koordinasyon sa mga kasama sa proyekto. Tiyakin na may maayos na ugnayan sa pagpapalano at hakbangin)*

Gawain 1: A. Spot the difference

Panuto: Tingnan ang dalawang larawan. Pansinin at sabihin ang pagkakaiba nito.



Gabay na tanong:

1. Ano ang nakikita mo sa larawan? Kilala mo ba ang mga nasa larawan?
2. Sa iyong palagay, mula sa anong bansa ang mga nasa larawan?
3. Ano-anong mga naging batayan mo para sa iyong mga kasagutan?
4. Nadalian ka ba sa pagtukoy ng kanikanilang bansang kinabibilangan? Pangatuwiranan.
5. Ano sa palagay mo ang dahilan ng pagkakahawig ng dalawang tao sa larawan?

B. Talasalitaan

Panuto: Paghambingin ang mga salita sa hanay A at ang mga kahulugan nito sa hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

A		B	
1	Dalubhasa	A	Paglipat o pandarayuhan
2	Migrasyon	B	Eksperto sa isang kasanayan o kaalaman
3	Ninuno	C	Kauna-unahang mga tao sa lugar
4	Austronesian	D	Tumakas o umalis
5	Lumikas	E	Tao mula sa timog

Gawain 2: Pagbasa ng Teksto

ANG AUSTRONESYANO

Ang mga **Austronesyano** ay isang pangkat ng mga tao na nagmula sa isang malawakang paglipat ng mga tao mula sa Taiwan patungong iba't ibang bahagi ng Timog Silangang Asya, Oceania, at Madagascar. Ang kanilang pagsulong ay nagdulot ng malalim na impluwensiya sa kultura, wika, teknolohiya, at pampolitika sa mga lugar na kanilang napuntahan.

Ang paglalakbay ng mga Austronesyano ay isang mahalagang bahagi ng kasaysayan ng rehiyong ito, at ang mga pagbabagong dulot nito ay nagbigay-daan sa pagbubukas ng mga kabihasan at ugnayan sa iba't ibang mga komunidad.

Ang kanilang mga kontribusyon ay naging bahagi ng makabuluhang pag-unlad ng mga lugar kung saan sila nanirahan. Ang mga teknolohiyang pandagat, tulad ng mga layag at iba pang uri ng bangka, ay nagbigay-daan sa kanilang malawakang paglalakbay at pag-aari ng mga isla. Sila rin ay nagdala ng mga kultural na aspeto tulad ng pagsusulat, musika, sining, at iba pang tradisyon.

Ang mga halaman at hayop na kanilang dala-dala ay nagdulot ng mga pagbabago sa agrikultura at pangangalakal sa mga lugar na kanilang dinatnan. Naging mahalaga ang pag-aalaga ng mga hayop tulad ng manok, baboy, at iba pa sa kanilang pamumuhay at ekonomiya. Kahit na may mga pagkakatulad sa kanilang kultura at teknolohiya, mayroon ding mga pagkakaiba sa pagitan ng mga grupo ng mga Austronesyano sa iba't ibang mga rehiyon. Ang kanilang paglalakbay ay nagresulta sa pagkakaugnay ng mga kultura at tradisyon sa malalayong lugar, na nagdulot ng pagkakaiba-iba at pagiging makulay ng kanilang pamumuhay.

Sa pangkalahatan, ang mga Austronesyano ay nagdala ng malalim na impluwensiya sa mga rehiyong kanilang napuntahan, nagdulot ng mga pagbabago sa lahat ng aspekto ng pamumuhay, mula sa wika at relihiyon, hanggang sa teknolohiya at sining. Ang kanilang migrasyon ay nagpapakita ng mahigpit na ugnayan ng tao sa kalikasan at sa kanilang kapuwa-tao sa iba't ibang kultura at lugar.

https://www.wikiwand.com/en/Austronesian_peoples#introduction

Gawain 3: Pangkatang Gawain

Panuto: Isagawa ang mga itinakdang gawain sa bawat pangkat
Pangkat I: Gamit ang blankong

mapa, lagyan ng location icon ang mga bansang Austronesyano.



Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mapapansin sa mga itinantos na location icon?
2. Ano ang bahagi ng mapa na magkakalapit ang mga Austronesyano?
3. Ano ang masasabi natin sa lawak ng lugar na narating ng mga Austronesyano?

Pangkat II: Sa pamamagitan ng dugtungang pagkukwento, ilahad ang kasaysayan ng mga Austronesyano

Gabay na tanong:

1. Sino- sino ang tinatawag na mga Austronesyano?
2. Paano mo ipaliliwanag ang pamumuhay ng mga Austronesyano batay sa nabuong mapa?
3. Sa kabuoan, paano mo ipakikilala ang mga Austronesyano?

Gawain 4: Concept cluster

Panuto: Batay sa iyong natutuhan, punan ang concept cluster sa ibaba. Ihambing ang iyong kasagutan sa kklase pagkatapos ay ibahagi sa pangkalahatan



Gabay na tanong:

1. Mula sa nabuong data retrieval chart, ano-ano ang mga katangian ng Austronesyano?
2. Paano nagkaka-ugnay ang Pilipinas at Timog Silangang Asya batay sa aralin?

Gawain 5: Ipagmalaki mo!

Panuto: Sagutin ang pahayag sa ibaba. Isulat ito sa sagutang papel.

Paano mo maipagmamalaki ang iyong pinagmulan o kasaysayan ng lahi?



Dagdag pang mga Kagamitan (Opsiyonal): Pagtataya/Repleksiyon

Panuto: Basahin ang sumusunod na pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

- Batay sa mga pag-aaral, sa anong lahi ang pinagmulan ng mga tao sa Pilipinas at Timog Silangan Asya?
 - Austronesyano
 - Afro-Asiatic
 - Indo-European
 - Sino-Tibetan
- Aling mga lahi ang itinuturing na isa sa mga pamilyang wika ng Austronesyano?
 - Banjar
 - Tausog
 - Melanau
 - Ara
- Paano kumalat ang lahing Austronesyano?
 - Ang kahusayan sa pagpapalano ng hukbo ng mga Austronesyano.
 - Ang relihiyon ang naging sandata ng mga Austronesyano.
 - Ang kahusayan ng mga Austronesyano sa teknolohiyang dagat.
 - Ang kahusayan teknikal ng mga Austronesyano sa mga labanan.
- Aling pahayag ang nagpapatunay na ang Pilipinas ay isa sa mga unang narating ng migrasyong Austronesyano bago lumaganap sa Pasipiko.
 - Dahil sa pangangalakal ng mga Tsino
 - Mula Timog China, narating ang Pilipinas noong 220 BCE
 - Sa pagsisimula ng kolonisasyon at imperyalismo ng mga Kanluranin nakarating ang Austronesyano noong ika-17 siglo.
 - Sakay sila ng mga barkong pandigma mula sa Karagatang Pasipiko noong 900 BCE
- Ang sumusunod ay kulturang lumaganap at naibahagi ng mga Austronesyano MALIBAN sa _____.
 - Pagta-tattoo
 - Paggawa ng seda
 - Pag-ukit ng jade
 - Wetland agriculture

Tala para sa Guro:

Ang mga gawain na nakapaloob sa Learning Activity Sheet ay mga mungkahi lamang. Maaari ring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mag-aaral.

Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat)

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO 2

Asignatura	Araling Panlipunan	Markahan	Una
Linggo	4	Araw	2 at 3
Pamagat/Paksa ng Aralin	AUSTRONESYANO		
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Pamagat/Paksa ng Aralin: Austronesyano

Pamantayan sa Pagkatuto: Nasusuri ang kalinangang Austronesyano at Imperyong Maritima kaugnay sa pagbuo ng kalinangan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya.

Layunin:

- Natutukoy kung sino-sino ang mga Austronesyano.
- Naituturo ang lokasyon ng mga Austronesyano sa mapa.
- Napahahalagahan ang lahi ng mga Austronesyano.

Kagamitang Kailangan: Mga Larawan, slide decks at aklat
Laang-panahon para sa gawain: 2 araw

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang panuto sa bawat gawain. *(Kung may bahagi ng panuto na hindi malinaw, maaaring sumangguni sa iyong guro, kasama sa tahanan o kaklase para sa karagdagang paglilinaw. Sa mga gawaing pangkatan, mahalaga ang kooperasyon at koordinasyon sa mga kasama sa proyekto. Tiyakin na may maayos na ugnayan sa pagpapalano at hakbangin)*

Gawain 1: LARAWAN-SURI



Gabay na tanong:

1. Ano ang masasabi mo tungkol sa mga larawan?
2. May pagkakapareho ba o pagkakaiba ang kanilang hitsura at pisikal na katangian?

Pangatwiran.

Gawain 2: Video-Suri

Panuto: Panoorin ang video tungkol sa mga Austronesyano. Itala ang mga impormasyon at ideya sa kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel. https://youtu.be/Bh-H_LT3mbg?t=44
<https://youtu.be/gwyub3LUHzc?t=603>

Mga Kasalukuyang Kaalaman tungkol sa mga Austronesyano	Mga Nakalap na Ideya mula sa Video

Gawain 3: Pangkatang Gawain

Panuto: Gamit ang nakalap na mga ideya sa naunang gawain, ang bawat pangkat ay lilikha ng kani-kanilang interpretasyon batay sa ibinigay na gawain.

Pangkat 1: Role Playing

Pangkat 2: Collage

Pangkat 3: Jingle

Gabay na tanong:

1. Batay sa mga naipakitang gawain, ano anong mga ideya ang may pagkakatulad? o pagkakaiba?
2. Ano-ano ang mga ebidensyang nagpapatunay ng pagkakaugnay-ugnay ng mga Austronesyano?
3. Paano mo ngayon nakikita ang Austronesyano sa pamilya ng mga wika?

Gawain 4: Pagsusuri ng artikulo

Basahin ang artikulo sa ibaba. Sagutin ang sumusunod na katanungan sa iyong sagutang papel.

Bagong pananaliksik sa pinagmulan ng mga wikang Austronesyano ng Unibersidad ng Huddersfield

Ang mga wikang kilala bilang Austronesyano ay sinasalita ng mahigit 380 milyong tao sa mga teritoryo na kinabibilangan ng Taiwan, Malaysia, Indonesia, Pilipinas, Madagascar at mga isla ng Pasipiko.

Paano nagkaroon ng katulad na wika ang mga populasyon ng ganoon kalaki at magkakaibang lugar? Ito ay isa sa mga pinakakontrobersyal na tanong sa genetika, arkeolohiya at antropolohiya. Kabilang si Propesor Martin Richards ng Unibersidad ng Huddersfield sa pangkat ng mga archaeogenetic na mananaliksik na nagtatrabaho sa paksa at ang pinakabagong artikulo nito ay nagmumungkahi ng solusyon batay sa kung ano ang naging pinakakomprehensibong pagsusuri sa DNA mula sa rehiyon.

Ang matagal nang itinatag na teorya - batay sa archaeological, linguistic at genetic na ebidensya ay ang pag-unlad ng pagsasaka ng palay sa mainland China na kumalat sa Taiwan, kung saan ang mga wikang kalaunan ay nakilala bilang Austronesian. Mula dito, lumaganap ang populasyon at ang kanilang wika sa buong rehiyon, mga 4,000 taon na ang nakalilipas.

Ngunit ang detalyadong pagsusuri ng datos sa genetics ay nagpapakita ng isang mas kumplikadong larawan, dahil ang mitochondrial DNA na natagpuan sa mga taga-isla sa Pasipiko ay naroroon sa Island Southeast Asia sa mas maagang panahon, na nagdududa sa nangingibabaw na teoryang "Out of Taiwan". Sinasaliksik ni Propesor Richards at mga kasamahan nito ang isyu mula noong 1990s at gumanap ng mahalagang papel sa pagbuo ng paliwanag batay sa pagbabago ng klima pagkatapos ng pagtatapos ng Panahon ng Yelo - mga 11,500 taon na ang nakalilipas na nagdulot ng pagtaas ng antas ng dagat at malaking pagbabago sa mga tanawin ng Timog Silangang Asya at Pasipiko.

Ito naman ay hahantong sa pagpapalawak mula sa Indonesia, 8,000 taon na ang nakalilipas na nagresulta sa populasyon sa buong Isla sa Timog Silangang Asya at mga isla sa Pasipiko na nagbahagi ng mitochondrial DNA at Y-chromosome na ngayon ay sinuri ni Propesor Richards at ng kaniyang mga kasamahan.

Ngunit ano ang tungkol sa linguistic factor? Ang iba't ibang sangay ng wikang Austronesyano ay maaaring masubaybayan pabalik sa orihinal na Taiwanese, at ang pagsusuri ng DNA ay nagpapakita na mayroong ilang paglawak mula sa Taiwan, mga 4,000 taon na ang nakalilipas. Ngunit ito ay nagbilang para sa isang minorya ng populasyon ng buong rehiyon - hindi hihigit sa 20 porsyento. Ang isang paliwanag para sa pagkalat ng wika ay nagsasabi na ang mga migranteng Taiwanese ay dumating upang bumuo ng piling grupo o nauugnay sa isang bagong relihiyon o pilosopiya ayon kay Propesor Richards.

Ang bagong artikulo ay ang Resolving the Ancestry of Austronesian-speaking populations sa journal ng Human Genetics. Inilalarawan nito nang detalyado ang malakihang pagsusuri kabilang ang 12,000 mitochondrial sequence na isinagawa ni Propesor Richards at ng kaniyang mga kasamahan, kasama ang kaniyang dating mag-aaral sa PhD na si Dr. Pedro Soares, na gumana ng mahalagang papel, na sa ngayon ay nasa Unibersidad ng Minho sa Portugal. Kasama rin sa mga co-author ng artikulo si Dr. Maria Pala, isang Senior Lecturer sa Departamento ng Biological Sciences ng Huddersfield at miyembro ng Archaeogenetics Research Group ng Unibersidad.


Sanggunian <https://phys.org/news/2016-01-austronesian-languages.html>

Gabay na tanong:

1. Tungkol saan ang artikulo?
2. Ano ang iyong opinyon o masasabi patungkol sa mas maigting na pagsusuri sa mga lahing Austronesyano?
3. Paano mo bibigyang reaksiyon ang positibong resulta ng pagsusuri na ito?

Gawain 5: Concept Cluster

Panuto: Punan ang Concept Cluster batay sa mga detalye na nakuha sa binasang artikulo. Ilahad ang katangian ng mga Austronesyano. Matapos ang Concept Cluster, paano mo ilalahad ang katangian ng mga Austronesyano?



**Dagdag pang mga Kagamitan (Opsiyonal):
Pagtataya/Repleksiyon**

Panuto: Sumulat ng maikling journal na magpapakilala sa katangian ng mga Austronesyano. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Tala para sa Guro:

Ang mga gawain na nakapaloob sa Learning Activity Sheet ay mga mungkahi lamang. Maaari ring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mga mag-aaral.

Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat):

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO 3

Asignatura	Araling Panlipunan	Markahan	Una
Linggo	4	Araw	4
Pamagat/Paksa ng Aralin	IMPERYONG MARITIMA		
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Pamagat/Paksa ng Aralin: Imperyong Maritima

Layunin:

- Nasusuri ang kalinangang Austronesyano at Imperyong Maritima kaugnay sa pagbuo ng kalinangan ng Pilipinas at Timog-Silangang Asya
- Nakalilikha ng isang reaksiyong papel tungkol sa kalinangang Austronesyano kaugnay sa pagbuo ng kalinangan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya.
- Nailalarawan ang kalinangan ng Imperyong Maritima kaugnay sa pagbuo ng kalinangan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya.

Kagamitang Kailangan: Mga Larawan, slide decks

Laang-panahon para sa gawain: 1 araw

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang panuto sa bawat gawain. *(Kung may bahagi ng panuto na hindi malinaw, maaaring sumangguni sa iyong guro, kasama sa tahanan o kaklase para sa karagdagang paglilinaw*

Sa mga gawaing pangkatan, mahalaga ang kooperasyon at koordinasyon sa mga kasama sa proyekto. Tiyakin na may maayos na ugnayan sa pagpapalano at hakbangin)

Gawain 1: Brainstroming

Panuto: Suriin ang larawan sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang mga ideya o naiisip sa larawan.



Gabay na tanong:

1. Batay sa larawan, anong mga ideya ang masasabi mo?
2. Sa paanong paraan nagamit ang karagatan sa pag-aaral sa kasaysayan

Gawain 2: Pagbasa sa Teksto

Mga Imperyo Sangkapuluang Timog Silangang Asya

Ang kasaysayan ng Timog Silangang Asya ay may makabuluhang yugto ng pag-unlad at kultura. Ang pangunguna ng mga imperyo mula sa iba't ibang kabihasan ay nagdulot ng malalim na impluwensiyang kultural sa rehiyon. Narito ang mas malalim na paliwanag ukol dito:

Srivijaya, Majapahit, at Malacca: Imperyo at Kultural na Impluwensiya

1. **Srivijaya:** Ito ay isang makapangyarihang imperyo na itinatag sa Sumatra, Indonesia. Kilala ito sa pagiging sentro ng kalakalan at impluwensiyang kultural sa rehiyon. Ang mga mangangalakal at mga manlalakbay mula sa India, Tsina, at iba't ibang bahagi ng Asya ay nagdala ng kanilang mga kultura at relihiyon na nag-ambag sa paghubog ng kulturang Srivijaya. Ang Srivijaya ay kilala sa pagpapalaganap ng Budhismo sa rehiyon.
2. **Majapahit:** Isa pang mahalagang imperyo sa rehiyon ay ang Majapahit, na itinatag sa Java, Indonesia. Ito ay kilala sa kanilang malakas na impluwensiyang pangkultura, lalo na sa larangan ng sining at panitikan. Ang kabihasnang Majapahit ay nag-ambag sa pag-unlad ng mga epikong panitikan tulad ng "Ramayana" at "Mahabharata," na isinalin sa mga lokal na wika.
3. **Malacca:** Ang Malacca ay isang sentro ng kalakalan na matatagpuan sa Malaysia. Ito ay naging tanyag bilang isang mahalagang tuntungan para sa mga mangangalakal mula sa Tsina, India, Arab, at iba pa. Ang Malacca ay naging kilalang sentro ng ugnayan at impluwensiyang kultural, lalo na sa larangan ng relihiyon at kalakalan.

(Hango mula sa Asya: Pag-usbong ng Kabihasanan nina Mateo, p. 210-214)

Gawain 3: Pangkatang Gawain

Panuto: Bumuo ng graphic organizer na naglalarawan sa Imperyong Maritima sa Timog Silangang Asya. Gawin ito kasama ang inyong miyembro ng pangkat.

Dapat lalamanin ng graphic organizer ang sumusunod na ideya.

- Mga Imperyo
- Mga bansa kung saan nabuo ang mga imperyo
- Iba pang mahalagang katangian ng Imperyong Maritima sa Timog Silangang Asya


Gabay na tanong:

1. Ano-ano ang Imperyong Maritimang nabuo sa Timog Silangang Asya?
2. Paano nabuo ang Imperyong Maritimang ito? Ano ang kanilang kalakasan?
3. Kung hindi nagkaroon ng Imperyo sa Pilipinas, paano naman nito nabuo ang kanilang kultura?

GAwain 4: I-Lagom mo!

Panuto: Bumuo ng paglalagom tungkol sa kalinangan ng Imperyong Maritima sa Timog Silangang Asya.

sa



Gawin ito iyong sagutang papel.

Gawain 5: Ano kaya?

Panuto: Sagutin ang tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ano marahil ang kalagayan ng Pilipinas kung nagkaroon ito ng matatag na Imperyo?

Dagdag pang mga Kagamitan (Opsiyonal):

Pagtataya/Repleksiyon

Panuto: Basahin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin ang **HINDI** kabilang sa mga imperyong nabuo sa Timog Silangang Asya?
 - A. Srivijaya
 - B. Mogul
 - C. Malacca
 - D. Majapahit
2. Ano ang naging kontribusyon ng imperyong Srivijaya sa rehiyon?
 - A. Pagpapalaganap ng Budismo
 - B. Ang pagsamba kay Buddha
 - C. Paglikha ng Borobudur
 - D. Pag-akyat sa banal na kabundukan
3. Bakit kakaiba ang Pilipinas sa konteksto ng imperyong naitatag sa rehiyon?
 - A. Dahil sa pagkakabuo ng mga barangay
 - B. Dahil hindi narating ng mga imperyo ang Pilipinas
 - C. Dahil lumaban ang mga katutubo
 - D. Dahil sa pangkalikasang balakid
4. Aling relihiyon ang nagsilbing habon sa kapangyarihan ng Majapahit?
 - A. Kristyanismo
 - B. Budismo
 - C. Hinduismo
 - D. Islam
5. Bakit tinawag na “Dalampasigan ng Ginto” ang Imperyong Srivijaya?
 - A. Dahil sa magagandang mga dalampasigan nito
 - B. Dahil sa yaman sa ginto
 - C. Dahil ito ang pangunahing yaman nito
 - D. Dahil ito ang kanilang produktong ikinakalakal

Tala para sa Guro:

Ang mga gawain na nakapaloob sa Learning Activity Sheet ay mga mungkahi lamang. Maaari ring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mag-aaral.

Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat):